Minami Shinshu & Iida City Guide Map

Let's enjoy Iida

Turismo ng Iida

Ang Iida • Minami Shinshu ay ang sentrong lunsod sa timog ng Nagano Prefecture na halos nasa kalagitnaan ng Japan.

May populasyon na tinatayang 105,000 katao. Ito ay may kabuuang sukat na 658 sq.km. Ang mga kabundukan na makikita sa silangang bahagi ay ang Minami Alps at sa kanlurang bahagi naman ay ang Chuo Alps. Dumadaloy naman sa kalagitnaang bahagi ng lunsod ang Tenryu River.

Ang paanan ng bundok ay tila hugis ng isang hagdan at may taas na higit sa 2700 metro. Ang pagbabago ng klima sa Iida ay makikita sa pagbabago ng tanawin sa paligid. Noon pa man ay maunlad na ang Iida dahil ito ang mismong lugar na nagdudugtong kapuwa sa silangan at kanlurang bahagi ng Japan. Ang mamamayan ng Iida ay masigasig sa pag-aaral, madaling makibagay sa panibagong kultura habang pinananatili ang lumang tradisyon, nakapaglilikha nang may naiibang karakteristiko ng kultura.

Kamakailan lang, naging kilala ang lunsod sa ringo namiki o hanay ng mga puno ng mansanas na nakatanim nang pahilera sa gitna ng lunsod gayundin ang Tenryu Kyo bilang napakagandang gorge o bangin , namumukod-tanging katutubong kultura, at sikat sa pagpapalabas ng puppet show.

Philippines (Tagalog)